

SIMULA NG PAGPAPARESERBA SA BAKUNA PARA SA MGA TAONG MAY EDAD NA LABINDALAWA (12) HANGGANG ANIMNAPU'T APAT (64) NA TAONG GULANG

Dalawang beses gagawin ang pagbabakuna. Wala po itong bayad.

Para sa mga taong may edad na labindalawa (maglalabindalawa bago o sa mismong ika-30 araw ng Hunyo, 2021 at animnapu't apat (bago o sa mismong ika-31 araw ng Marso, 2022), magpapadala ng kupon para sa pagbabakuna sa address na nakalagay sa inyong mga nakarehistrong tirahan sa ika-25 ng Hunyo (Biyernes).

Magkakaiba po ang laman ng envelope na makakarating sa inyo depende sa edad.

Hwag po ninyong itapon ang kupon hanggat hindi pa natatapos ang dalawang beses na pagbabakuna.

Simula ng Araw na Pagpapareserba

<p>① Para sa mga may edad 60 hanggang 64 taong gulang Para sa may mga kronikong kondisyong medikal Para sa mga nagtatrabaho sa mga pasilidad na nangangalaga sa mga matatanda Para sa mga may hawak ng dokumentong nagpapatunay na may kapansanan</p>	<p>Magsisimula nang alas 9 ng umaga sa ika-5 araw ng Hulyo (Lunes)</p>
<p>② Para sa may edad 12 hanggang 59 taong gulang</p>	<p>Magsisimula nang alas 9 umaga sa ika-12 araw ng Hulyo (Lunes)</p>

※Para sa mga may kronikong kondisyong medikal, mangyaring tingnan ang nakalakup na file “Mga Taong may Kronikong Kondisyong Medikal” kung napabilang ka sa tinutukoy na kondisyong ito.

Lugar ng Pagbabakuna at Klase ng Bakuna

Lugar	Klase ng Bakuna
<p>① Regular na Pinupuntahang Pagamutan (Pinupuntahang Ospital Kung Saan Nagpapagamot ng Sakit)</p>	<p>Pfizer</p>
<p>② Lugar Para Sa Maramihang Pagbabakuna • Public Health Center (Address:15-2, Maehara Hashidumeyama, Inuyama City)</p>	<p>Moderna</p>
<p>• Inuyama City Citizens' Exchange Center Freude (Address : 4-21, Matsumotocho, Inuyama City)</p>	<p>Pfizer</p>
<p>③ Lugar Para Malakihang Saklaw ng Pagbabakuna (Kasalukuyang Inaayos) • Nagoya Airport (Address : Toyoba, Toyoyamacho, Nishikasugaigun)</p>	<p>Moderna</p>

※Para sa pagbabakuna sa mga paaralan at kompanya, sumangguni sa pinagtatrabuhang kompanya o sa pinapasukang paaralan.

Mga Paalaala

- Ang pangalawang beses na bakuna ay ilalapat pagkatapos nang tatlong lingo sa parehong araw. Ireserba nang isahan ang dalawang beses na pagbabakuna. Ngunit, ang pangalawang beses na bakuna ng Moderna ay ilalapat pagkatapos ang apat na lingo sa parehong araw.
- Ang dalawang lingo bago o matapos magpalapat ng bakuna laban sa New Corona Virus ay hindi maaaring magpalapat nang ibang uri ng bakuna
- Ang bakunang Moderna ay hindi maaaring ilapat sa mga taong may edad na labingpitong (17) taong gulang pababa.

Contact Information Para sa mga Katanungan

Call Center ng Inuyama City Para sa Reserba/Konsultasyon (Araw-araw mula alas 9 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon)

TEL: 0568-39-5795 0568-39-5793 080-7576-8098 080-7576-8295
 080-7576-8352 080-7576-8385 080-7577-1340

Tutugon sa Wikang: Ingles (Araw-araw), Espanyol at Portuguese (Lunes/Miyerkules at Biyernes)

Paraan ng Pagpapareserba (Proseso Hanggang sa Pagbabakuna)

Kupon



• Una, ihanda ang kupon sa pagbabakuna
 ※Sa oras na magpareserba nang bakuna, tatanungin ang numero na nakasulat sa kupon.

• Mayron bang regular na pagamutan sa Inuyama City na pinupuntahan para magpagamot? (Regular na Doktor)

Mayron

Wala

• Konsultahin kung pwede bang magbabakuna sa inyong regular na pinupuntahang pagamutan

Hindi Pwede

Pwede

• Kumpirmahin ang paraan nang pagreserba
 A: Pwedeng magpareserba sa pagamutan
 B: Sinabihang magpareserba sa pamamagitan ng Call Center o sa Web

B

A

• Magpareserba ayon sa sinasabi ng regular na pinupuntahang pagamutan

《Paraan ng Pagpapareserba》
 Magpareserba sa isa sa mga paraan sa baba:
 ① Tumawag sa Call Center para sa Reserba/Konsultasyon
 ② Magpareserba sa Web Site
<https://www.city.inuyama.aichi.jp/1006634/1007443/1007807.html>
 Maaaring ma-access sa pamamagitan ng QR Code sa baba
 Nakasulat sa wikang Hapones, Ingles, Chinese, Koreano, Portuguese, Espanyol, Vietnamese at Nepalese
 ③ Magpareserba sa Tanggapan ng Gobyerno
 ※Ang pagpapareserba ay mula ika-5 hanggang ika-18 araw ng Hulyo lamang
 ※Walang tagapagsalin o translator
 Lugar : Munisipyo, Tonoji Community Center, Nanbu Community Center, Gakuden Fureai Center
 Oras : 9 : 00~17 : 00



Web Site QR Code

Hinggil sa Araw ng Pagbabakuna

- Magsuot nang kasuotang madaling mailalabas ang lalapatang balikat.
- Pumunta sa pinagreserbahang ospital o lugar na gaganapan nang maramihang pagbabakuna bago pa man ang naka-iskedyul na oras nang inyong pagbabakuna.
- Walang tagapagsalin o translator sa mga lugar para sa maramihang pagbabakuna. Magsama nang taong marunong magsalita nang wikang Hapon. Maaaring pumasok kasama ang isang tagapagsalin at isang taga-tulong.
- Basahing mabuti ang mga `Tagubilin Para sa Bakuna sa Coronavirus bago pa man pumunta sa ospital o sa lugar na gaganapan nang maramihang pagbabakuna.

Ang Tagubilin Para sa Bakuna sa Coronavirus na nakasulat sa wikang Tagalog ay maaaring idownload sa pamamagitan ng QR Code sa baba



Tagubilin ng Pfizer



Tagubilin ng Moderna

《Mga Kailangang Dalhin sa Araw ng Pagbabakuna》

- Kupon (Huwag tanggalin ang selyo, dalhin ang kupon nang walang ginagalaw)
- Naka-fill up na Form ng Paunang Medika na Pagsusuri
 - ※Ang form na nakasulat sa Tagalog ay maaaring idownload sa pamamagitan ng QR Code na nasa kanan.
 - ※Fill-upan sa bahay bago pumunta sa ospital o lugar ng pagbabakuna
- Mga Dokumentong Nagpapatunay sa Sariling Pagpapakilanlan (Driver's License, Health Insurance Card, Residence Card, My Number Card at iba pa)
- Para sa mga taong may iniinom na gamot, dalhin ang Medicine Book o di kaya ang iniinom na gamot

Form na Tagalog

